# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 35

"9 Mapapalad ang mga mapagpayapa: sapagka't sila'y tatawaging mga anak ng Dios." (Mateo 5:9)

Ang pananaw ng simbahan ay pagpaparami sa kapahingahan at kapayapaan batay sa Salita ng Diyos mula sa Mga Gawa 9:31, "31 Sa gayo'y nagkaroon ng kapayapaan ang iglesia sa buong Judea at Galilea at Samaria palibhasa'y pinagtibay; at, sa paglakad na may takot sa Panginoon at may kaaliwan ng Espiritu Santo, ay nagsisidami." (Mga Gawa 9:31) Ang kapayapaan ay darating sa ating kalagitnaan kapag tayo ay natakot sa Diyos, kapag sinimulan nating harapin ang kasalanan at pagtibayin, at yaon ang maghihikyat sa Banal na Espiritu, at ang mga pagpapala ng Diyos sa ating buhay, na magdadala ng kalusugan ay mapayapang magpaparami. Upang magdala ng kapayapaan sa mga tao ay dapat maging handa upang talikuran ang kanilang mga kasalanan; ngunit kung sila'y hindi handa, sa gayon mas mabuting sila'y umalis ng simbahan at ang simbahan ay magpapatuloy sa kakaunti na handang sumunod sa Diyos.

Tayo ay magpapatuloy sa pagaaral ng Banal na Kasulatan, na nagtuturo sa atin kung paano magkaroon ng kapayapaan, upang mailapat ang mga ito sa ating buhay.

"12 Datapuwa't sa iba, ay ako ang nagsasabi, hindi ang Panginoon: Kung ang sinomang kapatid na lalake ay may asawang hindi sumasampalataya, at kung kalooban niyang makipamahay sa kaniya, ay huwag niyang hiwalayan.13 At ang babaing may asawang hindi sumasampalataya, at kalooban niyang makipamahay sa kaniya, ay huwag niyang hiwalayan ang kaniyang asawa.14 Sapagka't ang lalaking hindi sumasampalataya ay nagiging banal sa pamamagitan ng kaniyang asawa, at ang babaing hindi sumasampalataya ay nagiging banal sa pamamagitan ng kaniyang asawa: sa ibang paraa'y ang inyong mga anak ay nangagkaroon ng kapintasan; nguni't ngayo'y mga banal.15 Gayon ma'y kung humiwalay ang hindi sumasampalataya, ay bayaan siyang humiwalay: ang kapatid na lalake o kapatid na babae ay hindi natatali sa mga ganitong bagay: kundi sa kapayapaan kayo tinawag ng Dios.16 Sapagka't paanong malalaman mo, Oh babae, kung maililigtas mo ang iyong asawa? o paanong malalaman mo, Oh lalake, kung maililigtas mo ang iyong asawa?" (1 Corinto 7:12-16) Narito si Pablo ay nagsasalita tungkol sa isang kapatid na lalaki o isang Babae na pumunta sa Panginoon at ang kaniyang asawa ay nanatiling hindi nananampalataya. Hindi siya nagsasalita dito tungkol sa isang mananampalataya na pumunta at nag asawa ng hindi mananampalataya. Bagkus isang hindi mananampalatayang asawang lalaki at asawang babae ay magasawa na at sa gayon ang isa sa kanila ay naging mananampalataya. Kung ang hindi mananampalatayang asawa, siya o niya ay nais pa ring mabuhay kasama ng kanyang asawa babae o asawang lalaki, sinasabi niya dito na maging isang mapagpayapa, siya o niya ay hindi dapat humiwalay sa hindi mananampalatayang kabiyak ngunit magpatuloy upang mamuhay kasama niya o siya. Upang maging isang tagapagpaya, "huwag niyang hiwalayan at huwag niyang hiwalayan ang kaniyang asawa". Bakit nais pa rin ng Diyos na ang magasawa at ang pamilyang ito ay magpatuloy habang ang mananampalatayang babae at ang mananampalatayang lalaki ay kailangan upang maging isang tagapagpaya at tiisin upang magpatuloy mamuhay sa hindi mananampalatayang asawang babae o ng hindi mananampalatayang asawang lalaki? "Sapagka't ang lalaking hindi sumasampalataya ay magiging banal sa pamamagitan ng kaniyang asawa, at ang babaing hindi sumasampalataya ay magiging banal sa pamamagitan ng kaniyang asawa: sa ibang paraa'y ang inyong mga anak ay nangagkaroon ng kapintasan; nguni't ngayo'y mga banal." (1 Corinto 7:14) Sila'y magiging banal sa pamamagitan ng asawa at ang mga anak din ay magiging banal at malinis. Mayroong pagbabahagi ng pananampalataya, kabanalan, paguugali, at magkakaroon pa ng pagtuturo at ang Salita ng Diyos ay maiipangaral sa araw araw sa pamilya. Bakit gagawin ng Diyos ang ganoon? Sapagka't nang sila'y nagasawa pareho silang hindi mananampalataya, at nang binuksan ng Diyos ang kanilang mga mata sa katotohanan at sila'y naniniwala at sumunod upang maging tagapagpaya at hindi iniwanan ang kaniyang asawa gagantimpalaan sila ng Diyos para doon.

Gagantimpalaan din ng Diyos ang kanilang katapatan patungo sa kanilang pagaasawa; pababanalin Niya ang kanilang mga kabiyak at pababanalin Niya ang kanilang mga anak para sa kanilang pagsunod. Dito ay sinasabi ang tungkol sa pananagutan ng asawang lalaki na tiisin ang masamang paguugali ng kaniyang hindi mananampalatayang asawa at ang pananagutan ng asawang babae na tiisin ang masamang paguugali ng kaniyang hindi mananampalatayang asawang lalaki sa gayon isang araw sila ay maligtas. "16 Sapagka't paanong malalaman mo, Oh babae, kung maililigtas mo ang iyong asawa? o paanong malalaman mo, Oh lalake, kung maililigtas mo ang iyong asawa?" (1 Corinto 7:16)

"Gayon ma'y kung humiwalay ang hindi sumasampalataya, ay bayaan siyang humiwalay: ang kapatid na lalake o kapatid na babae ay hindi natatali sa mga ganitong bagay: kundi sa kapayapaan kayo tinawag ng Dios." (1 Corinto 7:15) Ngunit kung ang hindi mananampalatayang asawa ay nais na umalis o iwanan sa gayon bilang mga tagapagpaya wala na silang pagkakasalang damdamin, at sila'y wala ng pananagutan, at sila ay hindi na nakatali o responsable sa harapan ng Diyos kung ang ibang asawa ay umalis sa buhay mag asawa at hindi handang tumugon sa lahat ng pagsubok ng mananampalatayang kabiyak. "Ngunit sa kapayapaan kayo'y tinawag ng Diyos." Ibig sabihin tayo, ang mananampalataya, hindi dapat tayo ang isa sa sumira ng kapayapaan sa loob ng pamilya o pumutol ng pagkakaisa ng pamilya. Ang mananampalataya ay nasa ilalim ng mataas na pananagutan at sa ilalim ng mataas na inaasahan ng Diyos na huwag sumira ng magasawa. Tayo ay nasa alipin ng ating pagaasawa. Ngunit kung ang iba (ang hindi mananampalataya) ay umalis at ginawa yaon pagkatapos ng lahat ng pagsunod ng mananampalataya upang panatilihin ang pamilya sa gayon siya o niya ( ang mananampalataya) ay wala ng pananagutan para sa ganoong pagkasira, bagkus siya o niya ( ang mananampalataya) ay may pananagutan pa rin sa harapan ng Diyos na manumbalikin ang pagkakaisa ng pamilya kung saan man ito ay posible.

Ngunit sasabihin ko sayo ang totoo, sa aking karanasan, sa ilang halimbawa, nakita ko ang mga mananampalataya sila pa ang nagiging hindi responsable patungo sa Diyos at magpapatuloy upang sirain ang kanilang kasal sa hindi mananampalatayang asawa. Kaya naman ang mensahe sa iyong kamay ay isang paalala sayo upang maging ganap na may pananagutan sa harapan ng Diyos upang panatilihing buo ang iyong kasal.

Ang pagkakaisa ng pamilya ay napaka halaga. Ngayon, kung ang nasa itaas na ating napagusapan na ang isa sa magasawa ay hindi mananampalataya, sa gayon gaano pa ang responsibilidad ng mga magkapareha na parehong mananampalataya sa harapan ng Diyos upang panatilihin ang pagkakaisa ng pamilya. Kung ang pareho ay mananampalataya, sa gayon sila'y lubos na responsable sa harapan ng Diyos upang panatilihin ang kasal at ang kapayapaan sa pamilya. May isang ganap na dahilan na ang lalaki o babae ay hindi kayang manatili sa kanyang kabiyak ay kapag ang ibang tao ay may pangatlong kapareho o siya ay dating may asawa o sa una ay may mga anak mula sa ibang kapareha. Ang natitirang dahilan ay maaring walang bisa sa harapan ng Diyos bilang ang dahilang ito ay upang sirain ang alinmang kasal o upang buwagin ang alinmang pamilya sa mga mananampalataya kay Cristo.

Lamang, ang isang dating kapareha, o mga naunang anak mula sa isang buhay na kapareha ay magpapawalang-bisa sa pagnanais ng asawa na tumira siya o sa kanyang kasalukuyang asawa.

Bakit ang katuruang ito ay mahalaga para sa atin bilang isang simbahan na hinahangad bilang isang tagapagpaya? Sapagkat marami ang darating sa pananampalataya, ang unang bagay na kanilang iisipin na gawin ay sirain ang kanilang buhay magasawa sa kanilang dating kabiyak at humanap ng isang mananampalatayang tao upang pakasalan. Bakit? Sapagkat ayaw nilang maging responsable at harapin ang pagsubok ng buhay pamilya; ito'y maaring nasa kanilang isip na ang bagong buhay kay Cristo ay kailangan ng bagong kabiyak; yaon ay labag sa Banal na Kasulatan.

May mga simbahan din at mga pastor na nagtuturo sa mga tao na gawin iyon at hinihikayat sila na magkaroon ng bagong pamilya. Ilan sa kanila'y nagtuturo na ang iyong pagaasawa habang siya ay nasa hindi mananampalataya ay walang bisa, ngunit ito'y hindi tama. Hindi ito ang paraan upang maging mga tagapagpaya bagkus tagagawa ng gulo.Ang ganoon ay nagtataguyod ng kasalanan ng pangangalunya sa loob ng katawan ni Cristo.

Ang unang bagay na nais ng diyablo na gawin para sa pamilya ay sirain ang magasawa at sirain ang ugnayan sa pagitan ng asawang lalaki at asawang babae at magdulot sa kanila ng paghihiwalay. Ang paghihiwalay sa kanilang sarili bilang unang mangyayari, ay makagawa sa lalaki at sa babae na madaling makaramdam sa ibang relasyon at yaon ay pangangalunya at yaon ang layunin ng diyablo na kapwa mapunta sa impiyerno.

"Gayon ma'y kung humiwalay ang hindi sumasampalataya, ay bayaan siyang humiwalay: ang kapatid na lalake o kapatid na babae ay hindi natatali sa mga ganitong bagay: kundi sa kapayapaan kayo tinawag ng Dios." (1 Corinto 7:15) Ngayon kung ang isang hindi mananampalatayang asawa ay umalis sa gayon ang ibang tao, ang asawang lalaki o ang babae, ay hindi pinapayagang pumunta at magasawa sa ibang tao habang ang kanyang dating kabiyak ay buhay pa. "Ang babaing may asawa ay natatalian samantalang nabubuhay ang kaniyang asawa; nguni't kung patay na ang kaniyang asawa, ay may kalayaan siyang makapagasawa sa kanino mang ibig niya; sa kalooban lamang ng Panginoon." (1 Corinto 7:39)

"Sa pananampalataya'y hindi napahamak na kasama ng mga manunuway, ang patutot na si Rahab, na tumanggap na payapa sa mga tiktik." (Hebreo 11:31) Ang patutot na si Rahab ay nagsisi ng kanyang kasalanan ng prostitusyon at tinanggap ang mga espiya ng walang takot; kahit siya ay hindi natakot sa utos ng Hari. Bagkus tinanggap niya sila ng mapayapa at itinago sila, at tinulungan sila upang makatakas mula sa bayan at sa kamay ng kanilang kaaway, ang mga tao ng bayan ng Jerico. Upang maging mga tagapagpaya ay tumulong sa mga inuusig na ginagawa ang gawain ng Diyos at ang kalooban ng Diyos; ang ating puso ay dapat nakikiisa sa katuwiran patungo sa nga ginagamit ng Diyos at ipinapadala sa atin upang tulungan sila habang ginagawa nila ang lahat ng anong kanilang makakaya upang maglingkod sa Panginoon.

Ang ilan ay inaaskusahan si Rahab na siya ay nagsinungaling sa mga sundalo ng hari nang itinago niya ang mga espiya at hindi ibinigay ang tamang impormasyon sa kanila. Si Rahab ay hindi nagsabi ng kasinungalingan, kundi hindi niya ibinigay ang tamang impormasyon at saktan ang mga mensahero ng Diyos na ipinadala Niya sa kanya. Sa ganon, kailangan nating gawin ang pareho sa mga kaaway na lumulusob sa simbahan, hindi dapat nating ibigay sa kanila ang anumang tunay na impormasyon na maari nilang gamitin upang guluhin ang simbahan.

"29 At ang dalawa o tatlo sa mga propeta ay magsipagsalita, at ang mga iba'y mangagsiyasat. 30 Datapuwa't kung may ipinahayag na anoman sa isang nauupo, ay tumahimik ang nauuna. 31 Sapagka't kayong lahat ay makapanghuhulang isa-isa, upang ang lahat ay mangatuto, at ang lahat ay maaralan; 32 At ang mga espiritu ng mga propeta ay nasasakupan ng mga propeta; 33 Sapagka't ang Dios ay hindi Dios ng kaguluhan, kundi ng kapayapaan. Gaya sa lahat ng mga iglesia ng mga banal," (1 Corinto 14:29-33) Ano ang ibig sabihin niya dito sa "Sapagkat ang Diyos ay hindi Dios ng kaguluhan, kundi ng kapayapaan," ay yaong lagi Niyang ipinapadala ang Kanyang Salita sa Kanyang Simbahan, ang Salita na kailangan ng Kanyang simbahan, at ginagamit Niya ang mga tao na nagdadala ng Salita ng Diyos.

Sa simbahan ng Corinto ang isang suliranin sa simbahang yaon ay nagsasalita ng maraming wika ngunit walang tagapagsalin, ganon din hindi binibigyan ng anumang halaga ang propesiya na ibig sabihin ni Pablo dito sa pagpropesiya ay upang ihayag ang kalooban ng Diyos ng malinaw sa mga tao at sa malalim na paraan ng may malinaw na wika.

Ang propesiya ay hindi lamang tungkol sa pangangaral ngunit tungkol sa pagharap sa mga isyu na kailangan ng pagpapayo at kailangan ng ilang desisyon upang maganap. Kahit sa pagpupulong ng simbahan ang pangangaral ay dapat nakadirekta ng Banal na Espiritu na nagbibigay ng Kanyang Salita sa tiyak na mga tao sa simbahan upang pakainin ang kawan sa pagpapahayag sa kanila ng buong kalooban ng Diyos.

Sa paglipas ng panahon, kami bilang simbahan, pinagmamasdan namin iyon; lagi naming tinatanggap ang mga tao na nagsasalita mula sa bibig ng Diyos at pahalagahan kung ano ang sasabihin ng Diyos sa Kanyang simbahan sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Sa paglipas ng panahon kami din bilang simbahan ay tinatanggap namin ang mga opinyon ng mga tao at mga mungkahi at mga reklamo at tinitimbang din namin ang maga ito sa Salita ng Diyos, ganon din inaanyayahan din namin ang mga dumating na may opinyon, mungkahi, at reklamo na lumapit na may Banal na Kasulatan sapagkat kami'y naniniwala na ang Diyos ay nagsasalita sa Kanyang Simbahan sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan at malinaw na pananaw at malinaw na Salita na magdadala ng kapayapaan.

Kapag ang mga tao"y lumapit ng walang Banal na Kasulatan o lumapit sa mga bagay na labag sa Banal na Kasulatan ang pagkukusa ay hindi mula sa Diyos at kami'y tatangi sa ganoon, sapagkat yao'y magdadala ng kalituhan sa gitna ng simbahan ng Diyos

"29 At ang dalawa o tatlo sa mga propeta ay magsipagsalita, at ang mga iba'y mangagsiyasat." (1 Corinto 14:29) Silang nakakaalam na ang Diyos ay nagsasalita sa pamamagitan nila at sila'y lumapit ng may malinaw na Banal na Kasulatan pinapayagan namin silang magsalita at ipahayag ng malaya ang kanilang sarili habang inilalahad nila ang Banal na Kasulatan bilang patunay na ang Diyos ay nagsasalita sa pamamagitan nila. Kami ay makikinig at hahatulan namin habang aming tinitimbang kung anong kanilang sinasabi sa nangyayari sa mga pangyayari sa paligid natin.

"30 Datapuwa't kung may ipinahayag na anoman sa isang nauupo, ay tumahimik ang nauuna." (1 Corinto 14:30) Habang siya ay nagsasalita ang Diyos ay may ipapahayag ng ibang mga bagay sa ibang propeta, kaya't ang una, ay dapat tumahimik, at manatiling tahimik at hayaan ang iba na magsalita kung ano ang kanyang natanggap mula sa Diyos. Sa ganitong paraan, ang mensahe ay mabubuo habang ginagamit ng Diyos ang iba't ibang indibidwal.

"31 Sapagka't kayong lahat ay makapanghuhulang isa-isa, upang ang lahat ay mangatuto, at ang lahat ay maaralan;"(1 Corinto 14:31) Ang layunin ng pagpropesiya ng isa isa, ay upang ipahayag ang kalooban ng Diyos, ay upang hayaan ang mensahe ng Diyos at ang Kanyang kalooban at maipahayag ng buo at malinaw at yaong mga tao ay matuto at makaalam, at yaon ay magdadala ng ginhawa at kapayapaan sa kanila habang sila'y sumusunod. Nang kanyang sinabi, "Sapagka't kayo'y maghuhula isa isa," hindi ibig sabihin na kung alam ng isang tao kung paano mangaral, o alam kung paano mangaral, siya ay pahihintulutan ng mangaral, ngunit ito'y nangangahulugan ang isang tao ay nakarinig ng sinasabi ng Diyos at dadalhin ang Salita na ipinadala ng Diyos sa Kanyang simbahan sa gayon ang taong iyon ay pahihintulutang magsalita at mangaral.

"32 At ang mga espiritu ng mga propeta ay nasasakupan ng mga propeta;" (1 Corinto 14:32) Sa labas ng naturang pagpupulong sa mga nagsasalita at ang kinahinatnan ng kanilang sinabi ay sisiyasatin sa paglipas ng panahon at pangyayari, na magpapatunay na sila mismo ang nagsalita o ang Diyos ay nagsalita sa pamamagitan nila. Batay sa makaDiyos na opinyon na iyon ay mabubuo at ang maka-Diyos na desisyon ay gagawin nang naaayon.

"33 Sapagka't ang Dios ay hindi Dios ng kaguluhan, kundi ng kapayapaan. Gaya sa lahat ng mga iglesia ng mga banal," (1 Corinto 14:33) Ang Diyos ang may akda ng kapayapaan habang ating pinagsisikapan na sumunod sa mga paraan ng Diyos sa pagdadala ng kapayapaan sa ating kalagitnaan. Hinahayaan natin na magsalita ang Diyos sa pamamagitan ng mga propeta upang linisin tayo at linisin ang kongregasyon mula sa mga kasalanan ng pagiimbot, alitan, mga sitsit, pagkamakasarili, katiwalian, walang katarungan at paggawa ng sarili nating kagustuhan, at panatilihin ang ating pakikipagkaisa sa mga banal na natatakot sa Diyos at nagagalak na marinig at sundin ang Kanyang Salita.

"1 Una-una nga sa lahat ng mga bagay, ay iniaaral ko na manaing, manalangin, mamagitan, at magpasalamat na patungkol sa lahat ng mga tao; 2 Ang mga hari at ang lahat ng nangasa mataas na kalagayan; upang tayo'y mangabuhay na tahimik at payapa sa buong kabanalan at kahusayan. 3 Ito'y mabuti at nakalulugod sa paningin ng Dios na ating Tagapagligtas; 4 Na siyang may ibig na ang lahat ng mga tao'y mangaligtas, at mangakaalam ng katotohanan. 5 Sapagka't may isang Dios at may isang Tagapamagitan sa Dios at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus,6 Na ibinigay ang kaniyang sarili na pangtubos sa lahat; na pagpapatotoong mahahayag sa sariling kapanahunan;" (1 Timoteo 2:1-6) Ang kahalagahan ng pananalangin sa ating buhay at sa buhay ng simbahan ay malaki upang magdala ng kapayapaan at maging mga tagapagpaya, at upang magdala ng Salita ng Diyos sa ibang tao sa paligid natin. Sinusunod mo ba ang pananalangin sa iyong buhay at pinagsisikapan na manalangin para sa iba upang ang kapayapaan ng Diyos ay dumating sa kanilang buhay, sa iyong buhay at sa buhay ng simbahan?

Ang pananalangin ay makakapagpabago ng mga tao at makakapagpabago ng pangyayari na sa wakas ay magdadala ng kapayapaan. Ang panananlangin ay makakagawa ng mga bagay na hindi inaasahan at lampas sa imahinasyon ng mga tao.

"1 Una-una nga sa lahat ng mga bagay, ay iniaaral ko na manaing, manalangin, mamagitan, at magpasalamat na patungkol sa lahat ng mga tao;" (1 Timoteo 2:1) Pinapayuhan ni Pablo ang simbahan dito upang gumawa

1. Mga pagsusumamo: Upang hilingin sa Diyos at manawagan sa Kanyang tulong.
2. Mga panalangin: Upang hinggin sa Diyos na ibigay sa mga tao ang kanilang kailangan.
3. Mga pamamagitan: Upang manalangin sa ngalan ng iba na maari silang lumapit sa Diyos. Katulad nating namamagitan para sa hindi mananampalataya na magsisi, para sa mga mananampalataya na magsisi o magkaroon ng awa ang Diyos sa mga bayan o mga kumunidad na malayo sa Diyos.
4. Pagbibigay ng pasasalamat, sa gagawin para sa lahat: Tayo ay nagbibigay pasasalamat sa lahat ng mabubuting bagay na ating natatangap mula sa Diyos. Ito ay makakatulong upang magdala ng kapayapaan, sapagkat sa pagbibigay pasasalamat, una sa lahat, nakikita natin ang mabubuting bagay na ibinibigay ng Diyos sa atin, at ang pangalawa doon ay ipinapakita natin ang kagalakan sa Diyos

at pagpapakita ng ating pasasalamat sa Kanya at sa ating natatanggap mula sa Kanya. Ganon din sa pagpapasalamat ating ipinapakita ang ating pagtitiwala sa Diyos na magagawa Niya ang lahat ng mabubuting bagay at babaguhin ang mga pangyayari.

Sa aking mahal at minamahal: Tayo ay tinawag upang manalangin sa lahat ng mga detalyeng ito para sa lahat ng mga tao, ganon din sa mga may kapangyarihan. Ang ating mga panalangin ay hahantong sa atin upang mabuhay ng tahimik at mapayapang buhay pagmamasid sa buhay ng kabanalan at sa tapat na paraan.

Ang kapayapaan ay kinakailangan sa mga bayan at sa mga lugar na tayo ay naninirahan upang ang Salita ng Diyos ay maikalat sa isang mas mabuting paraan sa iba. Itinatagubilin sa atin ng Diyos na mabuhay sa lahat ng kabanalan at maging tapat sa ating buhay at gawain. Itinatagubilin din sa atin ng Diyos na hanapin ang kapayapaan at manalangin para sa mga bayang inilagay Niya sa atin, "At inyong hanapin ang kapayapaan sa bayan na aking pinagdalhan sa inyong bihag, at inyong idalangin sa Panginoon: sapagka't sa kapayapaan niyaon ay magkakaroon naman kayo ng kapayapaan." (Jeremiah 29:7) Sapagkat kapag mayroong kapayapaan sa lugar kung saan tayo dinala ng Diyos, tayo din ay mayroon at tanggapin ang kapayapaan at pagpapala. Ito'y mabuti at nakalulugod sa paningin ng Dios na ating Tagapagligtas;" (1 Timoteo 2:3) Ang ganoong paguugali ng pananalangin na may ganoong pagiisip ay makakalugod sa Diyos at katanggap tanggap sa Kanya. Ang ganoon ay magbubukas pa ng mga daan para sa pageebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo na ibinigay ang Kanyang sarili sa krus upang ibigay sa lahat ng mga naniniwala sa Kanya sa buhay na walang hanggan: "4 Na siyang may ibig na ang lahat ng mga tao'y mangaligtas, at mangakaalam ng katotohanan.5 Sapagka't may isang Dios at may isang Tagapamagitan sa Dios at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus,6 Na ibinigay ang kaniyang sarili na pangtubos sa lahat; na pagpapatotoong mahahayag sa sariling kapanahunan;" (1 Timoteo 2:4-6)

Ang aking panalangin:

Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na namatay at nabuhay mula sa kamatayan noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong salita na nagawang kong maunawaan ang iyong kalooban at mga paraan para sa akin upang maging tagapagpayapa at kung paano dalhin ang iyong kapayapaan sa kalagitnaan ng aming mga pamilya sa paraang kami ay maglilingkod sayo sa buhay ng iyong simbahan at sa aming buhay pananalangin.

Ating ihayag sa Diyos ang ating mga kasalanan at mga maling gawain. Panginoon patawarin mo ako sa sumusunod na mga kasalanan

Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa iyong kawalan ng kahinahuran at katyagaan sa pagharap sa suliranin ng iyong pamilya. Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa iyong walang katapatan sa pananalangin at hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa hindi pakikinig ng mensahe ng propesiya na iyong natatangap mula sa Kanya sa pamamagitan ng Kanyang simbahan.

Panginoon aking ipinagkakatiwala ang aking sarili upang sumunod sa iyong salitang ito na aking natanggap sa mensaheng ito upang maging isang tunay na mga tagapagpaya; upang panatilihin ang aking pagmamahal sa aking asawa at magpatuloy na maging matapat sa buhay pamilya; na magbigay oras sa pananalangin, at upang makinig at ilapat ang mensahe na aking natanggap mula sa simbahan.

Panginoon, aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagsisi at handang mabuhay bilang mga tagapagpaya sa paraan na aming napagaralan sa mensaheng ito. Panginoon protektahan mo sila, at ibigay ang para sa lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon gumawa ka ng mga himala para sa kanila at bigyang daan sila upang magtiyaga sa paglilingkod sayo. Panginoon bigyan mo sila ng kagalakan, kaginhawaan, kasiguraduhan at kapayapaan. Panginoon bisitahin mo sila, itaas mo sila, at itaguyod sila ng iyong biyaya habang sila'y handang humarap sa kasalanan at gawin ang iyong kalooban.

Panginoon gumawa ka ng himala sa aming simbahan. Panginoon pagpalain ang aming pamilya, ang mga banal at ang mga kapatiran na naglilingkod sayo kasama namin. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin upang magpatuloy sa paglilingkod sayo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban. Panginoon ipadala mo sa amin ang iyong Salita na kailangan naming marinig mula sayo. Panginoon idagdag pa sa amin ang kaloob ng Banal na Espiritu upang maging handa upang magebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng mensahe ng Salita ng Diyos. Panginoon kami'y nananalangin na bigyang daan kami upang makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain. sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin maramdaman ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.